



**Tanong 5** Gaano katagal ka nang naninirahan sa Japan?

- ① Hindi lalagpas ng 6 na buwan
- ② 6 na buwan pataas ngunit hindi lalagpas ng 12 na buwan
- ③ 1 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 3 taon
- ④ 3 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 5 taon
- ⑤ 5 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 10 taon
- ⑥ 10 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 15 taon
- ⑦ 15 taon pataas

**Tanong 6** Sa hinaharap, gaano katagal kang maninirahan sa Japan?

- ① Hindi lalagpas ng 6 na buwan
- ② 6 na buwan pataas ngunit hindi lalagpas ng 12 na taon
- ③ 1 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 3 taon
- ④ 3 taon pataas ngunit hindi lalagpas ng 5 taon
- ⑤ 5 taon pataas
- ⑥ Matagalang paninirahan
- ⑦ Hindi pa napag-papasyahan

**Tanong 7** Ikaw ba ay nagta-trabaho?

- ① Nagta-trabaho
- ② Hindi(Ngunit naghahanap ng trabaho)
- ③ Hindi nagta-trabaho (Hindi naghahanap ng trabaho)

[ 2 ] Mga data tungkol sa pag-aaral ng Nihongo.

②Pag-aaral ng Nihongo

( 1 ) Mga karanasan sa pag-aaral ng Nihongo.

※Lahat ay kailangang sumagot

**Tanong 1** Ikaw ba ay may karanasan sa pag-aaral ng Nihongo?

- ① Meron
- ②Wala

**Tanong 2** Sa ngayon, ikaw ba ay nag-aaral ng Nihongo?

- ① Nag-aaral  
(→Kung nag-aaral sagutin ang tanong3,4,8,9)
- ② Hindi nag-aaral  
(→Kung hindi nag-aaral sagutin ang tanong 5,6,7,8,9,)

(2) Iba't ibang  
sitwasyon tungkol sa mga nag-aaral ng Nihongo.

※Para sa nag-aaral ng Nihongo lamang

**Tanong 3 Paano ka nag-aaral ng Nihongo?**  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa)

- ① Mag-isang nag-aaral gamit ang (Libro at T.V.)
- ② Mag-isang nag-aaral gamit ang (Internet at ibang Application)
- ③ Online Study
- ④ Libreng klase para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ⑤ Nag-babayad upang makapag-aral ng Nihongo.
- ⑥ Tinuturuan nang miyembro ng pamilya.
- ⑦ Natututo sa lugar nang pinagta-trabahuhan.
- ⑧ Kaibigang (Hapon) ang nagtuturo.
- ⑨ Kaibigang (hindi Hapon) ang nag-tuturo.
- ⑩ Natututo sa mga naririnig sa paligid.
- ⑪ atbp.

**Tanong 4 Ano ang dahilan bakit kailanganmong mag-aral ng Nihongo?**  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa)

- ① Kinakailangan para sa pamumuhay sa Japan.
- ② Upang mas lumawak ang pakikipag-samahan sa mga kakilalang Hapon.
- ③ Kinakailangan dahil sa trabaho.
- ④ Upang makahanap nang mas magandang trabaho.
- ⑤ Para sa pagpa-patuloy nang pag-aaral.
- ⑥ atbp.

(3) Mga impormasyon tungkol sa mga hindi nag-aaral ng Nihongo.

※Para sa hindi nag-aaral  
ng Nihongo

**Tanong 5 Gusto mo bang mag-aral ng Nihongo?**

- ① Gusto kong mag-aaral.
- ② Hindi ko iniisip na mag-aral ng Nihongo.

**Tanong 6 Sa ngayon, bakit hindi ka nag-aaral ng Nihongo?  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa)**

- ①Dahil sapat na ang aking kaalaman sa Nihongo.
- ②Dahil hindi ko kailangang gamitin ang salitang Nihongo  
(kahit ibang salita aysapat na upang makapamuhay)
- ③Walang oras na mag-aral ng Nihongo dahil sa pag-aalaga ng mga anak.
- ④Walang oras na mag-aral ng Nihongo dahil kinakailangang mag-trabaho.
- ⑤Wala akong perang pambayad na gagamitin sa pag-aaral ng Nihongo.
- ⑥ Walang impormasyon kung saan maaring mag-aral ng Nihongo.
- ⑦Ang oras nang pag-aaral ng Nihongo ay hindi tugma sa oras na maari akong pumunta.
- ⑧Hindi ako makapunta dahil malayo ang lugar nang klase para pag-aaral ng Nihongo.
- ⑨Dahil ang Nihongo level na itinuturo ay hindi angkop para sa akin.
- ⑩Hindi ko alam kung paano mag-aral ng Nihongo.
- ⑪Wala akong hilig mag-aral ng Nihongo.

**Tanong 7 Anong klaseng sitwasyon ang gusto mo sa pag-aaral ng Nihongo?  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa)**

- ①Kung ako ay may libreng oras, gusto kong mag-aral
- ②Kung mayroon akong sapat na pera na magagamit para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ③Kung may libreng lugar para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ④Kung ang lugar at oras nang pag-aaral ng Nihongo ay tutugma sa aking librengoras.
- ⑤Kung may malapit na lugar na pag-aaralan ng Nihongo.
- ⑥Kung ang Nihongo level na itinuturo ay angkop sa aking gustong pag-aralan.
- ⑦Kung may librong gagamitin para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ⑧Kung mayroong T.V. program para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ⑨Kung may mga internet at application program para sa pag-aaral ng Nihongo.
- ⑩Kung may mga On-line study program para sa pag-aaral ng Nihongo

※Lahat ay kailangang  
sumagot

(4) Mga sitwasyon kung saan ginagamit ang Nihongo.

**Tanong 8** Kung ikaw ba gumagamit ng Nihongosa mga sumusunod na sitwasyon.  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa)

- ① Samahan ng mga kapitbahay sa paligid.
- ② Sa oras nang pag-sakay ng tren at bus.
- ③ Sa pang araw-araw na pamumuhay tulad nang pamimili.
- ④ Sa iba't ibang legal na proseso sa opisina ng gobyerno.
- ⑤ Sa mga proseso sa Post-office at banko.
- ⑥ Kung maghahanap nang trabaho.
- ⑦ Sa oras nang pagta-trabaho.
- ⑧ Sa oras na ikaw ay nagkasakit.
- ⑨ Sa pakikipag-usap sa mga teacher ng paaralan.
- ⑩ atbp.

**Tanong 9** Sa nakaraang 1 taon, pumili sa mga sumusunod na sitwasyon na nagkaroon ka nang problema dahil hindi ka marunong mag Nihongo.  
(Maaring sumagot nang mas marami pa sa isa )

- ① Samahan nang mga kapibahay sa paligid.
- ② Sa oras nang pagsakay ng tren at bus.
- ③ Sa pang araw-araw na pamumuhay tulad nang pamimili.
- ④ Sa iba't ibang legal na proseso sa opisina ng gobyerno.
- ⑤ Sa mga proseso sa Post-office at banko.
- ⑥ Kung maghahanap nang trabaho.
- ⑦ Sa oras nang pagta-trabaho
- ⑧ Sa oras na ikaw ay nagkasakit.
- ⑨ Sa pakikipag-usap sa mga teacher ng paaralan
- ⑩ atbp
- ⑪ Wala akong naging poblema.

[ 3 ] Mga data tungkol sa abilidad sa Nihongo.

③Abilidad sa Nihongo.

**Tanong 1 0 Hanggang saan mo kayang umintindi ng Nihongo?**

[Pakikinig]

1. Naiintindihan ko ang mga palabas na drama at balita sa telibisyon.
2. Medyo naiintindihan ko ang sinasabing Nihongo nang aking kausap.
3. Maiintindihan ko ang Nihongo na sinasabi nang aking kausap kung ito aydahan-dahan.
4. Mga maikling salita lamang ang aking naiintindihan.
5. Mas marami ang hindi ko maintindihan.

[Pagsasalita]

1. Nasasabi ko sa Nihongo ang mga bagay na gusto kong sabihin.
2. Medyo nasasabi ko sa Nihongo ang mga bagay na gusto kong sabihin.
3. Mga madadaling salita lamang sa pang araw-araw na pamumuhay ang akingnasasabi.
4. Pagpapakilala sa sarili at mga salitang pagbati sa araw-araw ang akingnasasabi.
5. Halos wala akong masabi.

[Pagbasa]

1. Nababasa at naiintindihan ko ang mga sulat at notice na galing sa opisina ng gobyerno, paaralan at lugar na pinagta-trabahuhan.
2. Kaunti lang ang aking nababasa at naiintindihan sa mga sulat at notice nagaling sa opisina ng gobyerno, paaralan at lugar na pinagta-trabahuhan.
3. Nababasa ko ang mga leaflets, advertisement sa diyaryo, mga oras nang biyahe ng sasakyan at iba pang impormasyon na nais kong malaman.
4. Naiintindihan ko ang mga instruksiyon kung may litrato na nakalagay.  
(Hal. Paraan nang pagtapon ng basura at paraan nang pagluluto)
5. Halos hindi ako makabasa.

[Pagsulat]

1. Naisusulat ko ang mga report information sa trabaho, ang kondisyon nang aking anak upang malaman ng guro nang paaralan. Naisusulat ko rin ang iba't ibang impormasyon, katulad nang paraan sa pagluluto atbp.
2. Naisusulat ko ang mga kailangan sa pamumuhay sa pang araw-araw, ang aking lugar na pinanggalingan at mga karanasan sa buhay.
3. Naisusulat ko ang madadaling mensahe para sa mga kasamahan ko sa trabaho, sa guro ng paaralan at mahahalagang bagay tungkol sa aking pamilya.
4. Naisusulat ko ang aking pangalan, sariling bansa at tirahan.
5. Halos wala akong maisulat.